The Lord's Flock

THE LORD'S FLOCK
GROWTH DIGEST
PASTORAL GROWTH SERIES

# Sa Isang Kisapmata

Sis Techie Rodriquez, Elder- Founder
Oktubre 13, 2021

Ang kisapmata ay tumutukoy sa bilis, agarang pagkilos, o liksi. Halo-halong mga tao ang nasa mundo natin sa ngayon pagdating sa kanilang espiritwalidad, nakatagpo na kay Jesus o hindi pa. Ang iba ay naniniwala na hindi pa sila nakaranas ng pisikal na himala at biyaya, samantala ang iba ay nagpapatotoo na sa mga kadakilaan ng Diyos at sa Kanyang mga himala. Dagdag pa nito, kung nakatagpo na nila si Jesus, ang pagbabago sa kanilang buhay ay kasing bilis ng paggawad ng himala at biyaya sa kanila.

**1.Ang paggaling ng anak na lalaki ng isang mataas na pinuno ng pamahalaan (Jn4:46-54)**

**1.1 Nagpakababa siya sa harapan ni Jesus.** Alam ng amang may kapangyarihan sa isang malaking kaharian na walang ibang makatutulong sa kanya kundi si Jesus lamang. Hindi sapat ang ating materyal na yaman at katayuan sa buhay para maligtas tayo, kundi ang malalim lamang nating ugnayan sa Diyos.

**1.2 Nakilala niya si Jesus sa pamamagitan ng pakikinig.** Alam ng balisang ama kung saan niya makikita si Jesus.

**1.3 Humingi siya ng tulong kay Jesus.** Bilang mataas na opisyal ng pamahalaan, mauutusan niya si Jesus na sumama sa kanya at pagalingin ang anak, ngunit pinuntahan niya si Jesus at nakiusap na sumama sa kanya at pagalingin ang anak.

**1.4 Sinaway ni Jesus ang mga tao.** Sinaway Niya ang mga taong nabibighani lamang sa mga tanda't himala, ngunit nalimutan nila na higit na mahalaga ang malalim na ugnayan sa Diyos kaysa sa mga himala at pagpapala.

**2. Sa kabila ng ating mga pagsubok, dapat purihin pa rin natin ang Diyos.** Hindi dahilan ang ating pagsubok at paghihirap sa pagkakaroon natin ng matibay na ugnayan sa Diyos. Sa gitna ng matinding pagsubok, dapat huwag tayong tumigil sa pananalangin at pagpupuri sa Diyos. Dapat umasa tayo sa Kanyang biyaya at maniwala na ang ating kagalingan at mga biyaya ay ipinagkakaloob ng Diyos sa Kanyang takdang panahon.

**4. Kaiba ang plano ng Diyos sa ating mga plano (Is 55:9).** Sumasagot ang Diyos sa ating mga dasal ng oo, hindi o maghintay. Ang Kanyang mga plano ay para sa ating kabutihan (Jer. 29:11).

**5. Ang ating pananalig ay nangangailangan ng tiwala sa mga gawain ng Diyos.** Ang mga taong nakaranas ng Kanyang kagalingan ay unang naniwala sa Salita ni Jesus at nang lumaon sumunod sila sa mga ipinag-uutos ng Diyos.

**6. Mabisa at buhay ang salita ng Diyos (Heb 4:11).** Ang kwento ng paggaling ng anak na lalaki ng opisyal at ang anak na babae ni Jairus ay nagpapakita ng kapangyarihan ng salita ng Diyos.

**7. Napapalapit tayo sa Diyos kung marunong tayong magpasalamat sa Kanyang mga himala.** Gaya ng nagpapasalamat na ketongin, huwag nating bimbinin ang ating pagpapahalaga sa mga nagawa Niya sa atin at sa ating pamilya.

**8. Ang pagsunod ay pananalig**. Tumutugon tayo sa mga utos ng Diyos hindi dahil sa Kanyang mga himala at pagpapala, kundi dahil sa pananalig natin sa Kanya at tiwala sa Kanyang mga pangako.

**Konklusyon:**

Ang pananalig natin sa Diyos ay nangangailangan ng ganap na tiwala sa bawat salita Niya. Ipinakita Niya ang Kanyang pagkamangha sa pananalig ng Hentil at mabilis Niyang iginawad ang himala at pagpapagaling. Kaya naman, ang pananalig nating tutugunin ng Diyos ang ating taus-pusong panalangin ay siguradong magbibigay sa atin ng banal na karanasang magpapabago sa ating buhay magpakailanman.

**Pagninilay:**

1.Paano mo ipinapakita ang iyong pasasalamat sa Diyos?

2. Anong mga makadiyos na tagpo ang iyong naaalala? 3. Sa iyong palagay, bakit mahalaga ang pagsunod?

**Isinalin ni:** Sis. Nida A. Cruz
**Na-edit at inaprobahan ni:** Sis. Vera Tuplano
**For more teachings, visit our website:**
https://lordsflock.org/teachings/